## SA NGALAN NG ALLAH ANG PINAKAMAAWAIN, PINAKAMAHABAGIN

# PAANO MAPAPALIS ANG MGA MASASAMANG BULONG (WASWAS) MULA SA SHAYTAAN (DEMONYO)

Papuri sa Allah (Subhanahu wa ta`ala), ang Panginoon ng mundo, na laging tumutugon sa mga panalangin ng sinumang balisa at ginagawang matagumpay ang kanyang gawain. Kapangyarihan at Kaluwalhatian ay Sumakanya na pumoprotekta at sumasanggalang sa sinumang nagpapakupkop sa Kanya, kung kaya hindi siya gagawa ng mga kasalanan o kaya masisiraan ng puri, at bilang ganti ay ililigtas siya ng Allah (Subhanahu wa ta`ala) mula sa impluwensya ng Shaytaan (Demonyo). Sumasaksi ako na walang ibang Diyos na karapat-dapat sa pagsamba maliban sa Allah. Inatasan Niya ang Kanyang mapagkakatiwalaang Propeta na magpakuopkop sa Kanya mula sa mga bulong ng demonyo. Sumasaksi rin ako na ang ating Propeta Muhammad ay Kanyang Tagapaglingkod at Mensahero. Siya ang pinakamahusay na modelo sa lahat ng mga tagapaglingkod ng Allah (Subhanahu wa ta`ala) na nagpakupkop sa kanyang Panginoon at nagtiwala ng kanyang kaluluwa sa Kanya. Kaya pinaligiran siya ng Allah (Subhanahu wa ta`ala) sa kanyang likuran at sa pagitan ng kanyang mga kamay ng mga anghel upang protektahan siya. Gawaran nawa siya ng Allah (Subhanahu wa ta`ala) ng kapayapaan at karangalan, at pati ang kanyang pamilya at mga kasama, at malugod nawa Siya sa sinumang sumunod sa kanya sa katotohanan hanggang sa Araw ng Paghuhukom.

O mga tagapaglingkod ng Allah (Subhanahu wa ta`ala)

Matakot sa Allah (Subhanahu wa ta`ala), ang iyong Panginoon, sa paraan na dapat Siyang katakutan, dahil ang pagkakaroon ng takot sa Kanya, Luwalhati sa Kanya, ay isa sa mga paraan ng kaligtasan. Dapat mong malaman, pagpalain ka nawa ng Allah (Subhanahu wa ta`ala), na binalaan ng Allah (Subhanahu wa ta`ala) ang Kanyang mga tagapaglingkod mula sa pinakamasamang kaaway para sa kanila, na laging naghihintay sa mga tao sa mga panahon ng kasawian at laging sumusubok na puntiryahin sila sa pamamagitan ng mga balak at intriga. Sinabi ng Makapangyarihang Diyos [Tunay nga, ang Shaytaan ay isang kaaway para sa iyo;

Kaya ituring mo siya bilang kaaway. Nag-aanyaya lamang siya ng mga maaaring isama sa Apoy] (Surat Fāṭir-6).

Sa katunayan, sinumang nag-obserba sa kuwento ng Shaytaan at ng ating amang si Adam (Adan) ay makikita na sumumpa ang Shaytaan sa mga kamay ni Adam (Adan) na maging tapat na tagapayo. Subalit, pagkatapos nito, sinubukan niyang mapalis si Adam (Adan) sa langit at sumumpa na lilinlangin niya at ililigaw ang mga anak ni Adam (Adan). [Sinabi [ni Iblees], "Sa iyong kapangyarihan, siguradong malilinlang ko silang lahat maliban sa Iyong mga piniling tagapaglingkod."] (Surat Ṣād-82-83).

Kung titingnan, isang awa ng Diyos sa Kanyang mga tagapaglingkod na walang ibang kaytang gawin ang Demonyo maliban sa pagbulong sa mga tagapaglingkod ng Allah (Subhanahu wa ta`ala) sa pamamagitan ng pagpapaganda ng mga kasalanan at kasamaan at paglayo sa kanila mula sa mga makakatuwirang gawa. Iniulat sa Hadith ("Bumubulong ang Shaytaan sa mga anak ni Adam gaya ng mga anghel. Ang pagbulong ng Shaytaan ay ang pag-udyok sa korupsyon at pagtanggi sa katotohanan. Ang pagbulong ng anghel ay ang paghimok sa mga mabubuting gawa at pagtanggap sa katotohanan. Kaya sinumang makakita nito sa kanyang sarili ay malalaman na ito ay mula sa Allah, at magpasalamat siya sa Kanya. Ngunit kung ang makita niya ay iba, hayaang magpakupkop siya sa Allah mula sa Shaytaan at basahin [Tinatakot ka ng Shaytaan sa kahirapan at inuutusan ka sa kaimoralan, samantalang ipinapangako sa iyo ng Allah ang kapatawaran at kapagbigayan. At ang Allah ang Nakakasakop at Nakakaalam] (Surat Al-Baqarah-268).

O Mga Naniniwala sa Allah (Subhanahu wa ta`ala)

Tanging mga mahihina ang pananampalataya ang nagbibigay-daan sa masamang bulong sa pamamagitan ng pagtugon dito kapag sumakop ito sa kanilang mga puso at sumagi sa kanilang mga isip. Ang mga masasamang bulong na ito ay maaaring nakahugis sa iba-ibang isipin na naroroon lamang upang ilayo ang mga tao sa paniniwala sa Diyos. Maraming mga biktima ng mga pagbulong ng Shaytaan, at may mga pagkakataon na may mga taong natatalo ng mga pagbulong na ito sa oras ng ablusyon at paghuhugas para sa mga dasal, kaya nagiging pabaya sila at nag-aaksaya ng oras. May mga ilang kaso rin ng mga taong ulit nang ulit ng Pambungad na Takbir (Isahang pagbigkas ng Allah is the Greatest), o mawala sa bilang ng mga rak'ah (bilang ng pagpatirapa) o mga berso ng Koran na binabanggit ng Imam (namumuno sa mga dasal sa masjid). At mayroon ding masyadong nahuhumaling,

na ulit nang ulit sa paglalaba ng kanilang mga damit kahit na malilinis ang mga ito, samantalang ang ating Batas ng Islam (Shari'a) ay madali, mapagpahintulot, at hindi ayon sa kahigpitan.

O mga tagapaglingkod ng Allah (Subhanahu wa ta`ala)

Dapat natin bunutin ang mga masasamang pagkahumaling sa pamamagitan ng pagsunod sa mga paraan na ipinapakita ng ating totoong relihiyon, bukod pa sa pag-alala sa Allah (Subhanahu wa ta`ala), ang Kapuri-puri at Maluwalhati. Sinabi Niya [At kung may masamang bulong sa inyo na mula sa Shaytaan, magpakupkop sa Allah. Tunay nga, Siya ay Nakakarinig at Nakakaalam. Tunay nga, ang mga natatakot sa Allah – kapag siya ang nakaramdam ng kapusukan mula sa Shaytaan, maaalala nila [Siya] at kaagad silang magkakaroon ng kabatiran] (Surat Al-'A`rāf-200-201). Sa katunayan, ang tunay na naniniwala ay iyong taong lumalaban sa mga bulong ng Demonyo sa pamamagitan ng pagpapakupkop sa Kanya at paghingi ng Kanyang tulong. Sinabi ng Makapangyarihang Diyos [Kaya kung binibigkas ninyo ang Koran, [una] magpakupkop sa Allah mula sa Shaytaan, ang itiniwalag [mula sa Kanyang awa]. Tunay nga, walang siyang impluwensya sa mga taong naniniwala at umaasa sa kanilang Panginoon. Ang kanyang impluwensya ay doon lamang sa mga taong itinuturing siyang kaalyado at doon sa mga nagtatambal ng iba sa Allah] (Surat An-NaĤl-98-100). Sa katunayan, ang patuloy na panalangin sa Allah (Subhanahu wa ta`ala) ay may mahusay na epekto sa pagpapalis ng mga masasamang bulong dahil sinumang nakakaalala sa kanyang Diyos ay, bilang kapalit, aalalahanin ng kanyang Panginoon at aalisin mula sa dilim papunta a liwanag. Subalit, iyong mga hindi nakakaalala sa kanilang Diyos, mapapangimbabawan sila ng mga bulong ng Demonyo.

Kabilang sa mga pinakamahuhusay na banggit ng Allah (Subhanahu wa ta`ala) ay iyong sinabi ng Kanyang piniling Propeta (Salla Allahu alayhi wa sallam) (Kapag ang tao ay pumasok sa kanyang bahay at binanggit ang Allah sa pagpasok at pagkain, sasabihin ng Shaytaan (sa mga demonyo): Walang kama para sa inyo, walang hapunan para sa inyo', at, kapag ang tao ay pumasok at hindi binanggit ang Allah, sasabihin ng Shaytaan: 'Nakakita kayo ng kama', at kapag hindi niya binanggit ang Allah sa pagkain, sasabihin ng Shaytaan: 'nakakita kayo ng kama at hapunan). Kitang-kita na ang mga pagsisisi at paghingi ng kapatawaran ng Allah (Subhanahu wa ta`ala) ay may importanteng papel sa pagpapalis ng anumang mga binubulong

ng Shaytaan sa mga dibdib ng tao. Sinisira ng mga ito ang mga gawa ng demonyo na maghahatid ng pagkabigo at pagkatalo.

Sa halip ay sapat para sa atin ang sinabi ng Allah (Subhanahu wa ta`ala) tungkol sa pagpapatawad na Kanyang iginawad sa ating Amang si Adam (Adan) at sa kanyang asawa, kapayapaan nawa ay sumakanila, nang sila ay bumaling sa Allah (Subhanahu wa ta`ala) sa pagsisisi sa pagsunod sa landas ng demonyo. [Sinabi nila, "Aming Panginoon, kami ay nagkamali, at kung hindi mo kami patatawarin at hindi ka maaawa sa amin, kami ay masasama sa mga talunan."] (Surat Al-'A`rāf-23).

O mga Muslim

Ang pag-iingat ay mas mahusay sa paggamot, at dito, ang pinakamahusay na bagay na pumoprotekta sa mga tao mula sa mga masasamang bulong ay ang pagiging tapat sa mga kaugalian ng Propeta (Salla Allahu alayhi wa sallam), maaaring sa pagpapaginhawa ng sarili (pagpunta sa banyo), paglilinis, ablusyon, paghuhugas, o pagdarasal. Iniulat na sinabi ng Propeta (Salla Allahu alayhi wa sallam) (Lalapit ang Shaytaan sa isa sa inyo sa oras ng dasal, kaya iisipin niya na may lumabas na hangin sa kanya, ngunit hindi naman talaga. Kung maramdaman niya iyo, hindi siya dapat umalis sa pagdarasal, maliban kung narinig niya ang tunog o naamoy niya ito.”). Samakatwid, ang nag-iiwas sa mga bulong sa kaluluwa ay iyong iniulat ng Propeta (Salla Allahu alayhi wa sallam) hal. pagtanggal ng kapit ng Shaytaan sa natutulog sa pamamagitan ng pagbanggit sa Allah (Subhanahu wa ta`ala), pag-a-ablusyon, at pagdarasal.

Kaya, mga tagapaglingkod ng Allah (Subhanahu wa ta`ala), matakot sa Allah (Subhanahu wa ta`ala) at iwasan ang demonyong tagabulong na umaalis sa pamamagitan ng pagbanggit sa Panginoon ng Langit at mga tao, at tapat na magpakupkop sa Allah (Subhanahu wa ta`ala) sa pamamagitan ng paghingi sa Kanyang makapangyarihang proteksyon at kaagad na pagdulog sa Kanya, at ganap na ipagkatiwala ang kaluluwa sa Kanya, ang Dakila at Maluwalhati.

Sasabihin ko itong aking sariling kasabihan, at humihingi ako ng kapatawaran mula sa Allah (Subhanahu wa ta`ala) para sa akin at sa inyo, at sa lahat ng mga Muslim, kaya humingi kayo ng kapatawaran sa Kanya, at Siya ang Tagapagpatawad, ang Maawain, at tumawag sa Kanya at Siya ay tutugon sa inyo, dahil ang Allah (Subhanahu wa ta`ala) ang Pinakamapagbigay.

*********************************

Papuri sa Allah (Subhanahu wa ta`ala), ang Makapangyarihan pinakamahusay na tagagupo, na nagbibigay ginhawa sa mga humihingi ng Kanyang tulong at pumoprotekta sa mga humihingi ng Kanyang proteksyon. Pinupuri ko Siya para sa Kanyang saganang biyaya at pinasasalamatan ko Siya para sa kanyang lubos na pagiging mapagbigay. Sumasaksi ako na walang Diyos na karapat-dapat sa pagsamba maliban sa Allah, ang Pinaka-Maluwalhati sa araw at gabi. Sumasaksi rin ako na ang ating Propeta Muhammad ay ang tagapaglingkod at mensahero ng Allah, ang Kanyang pinili. Gawaran nawa siya ng Allah (Subhanahu wa ta`ala) ng kapayapaan at karangalan, at pati ang kanyang pamilya at mga kasama, at malugod nawa Siya sa sinumang sumunod sa kanya sa katotohanan hanggang sa Araw ng Paghuhukom.

O mga tagapaglingkod ng Allah (Subhanahu wa ta`ala)

Gumagawa ang Shaytaan ng mga panlilinlang at masasamang balak sa pamamagitan ng pagmumukhang mabuti ang masama, at kahit na ang kasinungalingan ay likas na hindi kaaya-aya, binubulungan ng Shaytaan ang mga tao at pinagmumukha itong mabuti at binabalutan ito ng magandang pabalat. Sinabi ito ng demonyo at inamin sa pagsasabing: [Sinabi [ni Iblees], "Aking Panginoon, dahil nilagyan mo ako ng pagkakamali, sisiguruhin kong [ang di pagsunod ay] maging kaakit-akit sa kanila sa mundo, at ililinlangin ko silang lahat. Maliban, sa kanila, ang Iyong mga piniling tagapaglingkod."] (Surat Al-Ĥijr-39-40).

At habang pinalalamutian ng Shaytaan ang hugis at anyo ng kasamaan, pinalalamutian rin niya ang pangalan nito. Samakatwid, binibigyan niya ang mga kasalanan ng mga pangalang mukhang kaaya-aya, upang itago ang kasamaan at malisyang meron ito. Ito ang kaso noong binulungan ng Demonyo si Adam (Adan) at Eve (Eba) na kumain mula sa puno na ipinagbawal ng kanilang Panginoon. Binigyan ng Shaytaan ang punong iyon ng pangalan na mapagtatanto ni Adam (Adan) at ng mga anak nito ang kahalagahan, ang walang-hanggan at walang-kamatayan. Sinabi ng Makapangyarihan Diyos [Pagkatapos ay bumulong sa kanya ang Shaytaan; sinabi nito, "O Adam, ituturo ba kita sa puno ng walang-hanggan at pag-aaring hindi naluluma?"] (Surat Ṭāhā- 20).

O mga Muslim

Anuman ang mga bulong ng demonyo, dapat itong ituring na mabuting dahilan upang alalahanin ang Allah (Subhanahu wa ta`ala), ang Pinakamaawain at Pinakamahabagin. Subalit, ang mga demonyo ng Sangkatauhan ay ang pinakamahahalay at pinakamalaki ang pinsala. Ito Ang dahilan kung bakit binanggit ito ng Allah (Subhanahu wa ta`ala) bago ang mga demonyo ng Jinn nang sinabi Niya [At kaya ginawa Namin para sa bawat propeta ang isang kaaway – mga demonyo mula sa sangkatauhan at jinn, nagbibigay inspirasyon sa bawat isa sa mapalamuting salita sa kahibangan. Ngunit kung naisin ng inyong Panginoon, hindi nila ito gagawin, kaya iwan ninyo sila at ang anumang kanilang kathain] (Surat Al-'An`ām-112).

Sa katunayan, ang mga uri ng taong ito ay may katangian ng panlilinlang at maling kuru-kuro, at naglalagay sa mga puso ng naniniwala ng poot at galit. Ang pinakamahusay na paraan ng pagtugon sa mga ito ay ang pag-iwas sa pakikinig. Sa katunayan, ang mga totoong naniniwala ay iyong mga ayon sa paglalarawan ng Allah (Subhanahu wa ta`ala) sa binanggit sa mga sumusunod na salita [At kapag nakarinig sila ng masamang salita, tatalikod sila mula rito at magsasabing, "Kami ay para sa aming mga gawa, at kayo ay para sa inyong mga gawa. Sumainyo ang kapayapaan; hindi namin hinahanap ang mangmang."] (Surat Al-Qaṣaṣ-55).

O mga tagapaglingkod ng Allah (Subhanahu wa ta`ala)

Matakot sa Allah (Subhanahu wa ta`ala) at laging aalalahanin nang husto ang Makapangyarihan Diyos, at purihin Siya sa umaga at gabi, at huwag magbigay ng daan sa mga demonyo ng tao o jinn sa inyong relihiyon, inyong mga sarili, inyong mga anak, inyong mga pamilya, inyong komunidad, at inyong nasyon.

Protektahan nawa tayo ng Allah (Subhanahu wa ta`ala) mula sa mga intriga ng demonyo ng Jinn at tao. Gawin nawa tayo ng Allah (Subhanahu wa ta`ala) na matatag na may mga matitibay na salita sa mundong ito at sa kabilang-buhay, dahil Siya ang Tagabantay niyon at ang tanging may kakayahan na gawin iyon.

Kaya, ipadala ang inyong pagpapala sa pinuno ng mga Mensahero (Salla Allahu alayhi wa sallam), tulad ng utos sa inyo ng Allah (Subhanahu wa ta`ala) sa Banal na Aklat na sa pamamagitan ng pagsasabi ng: [Tunay nga, ang Allah at ang Kanyang mga Anghel ay nagpadala ng mga pagpapala sa Propeta. O kayong mga naniniwala! Magpadala ng mga pagpapala sa kanya at salubungin siya (na may) mga pagbati] ( Surat Alhazab 56).

O Allah! Ipadala Mo ang Iyong awa kay Muhammad at sa pamilya ni Muhammad, tulad ng pagpapadala Mo ng Iyong awa kay Ibrahim (Abraham) at sa pamilya ni Ibrahim (Abraham). At ipadala Mo ang Iyong mga pagpapala kay Muhammad at sa pamilya ni Muhammad, tulad ng pagpapadala Mo ng Iyong mga pagpapala kay Ibrahim (Abraham) at sa pamilya ni Ibrahim (Abraham). Tunay na ikaw ang Pinaka-karapatdapat sa Papuri, Pinakadakila.

O Allah! Malugod nawa sa kanyang mga Makatuwirang Kalipa, kanyang mga asawa at ina ng mga naniniwala, kanyang mga kasama at lahat ng mga naniniwala, lalaki at babae sa Araw ng Paghuhukom, at malugod rin sa amin sa Iyong Awa, O Pinakamaawain.

O Allah! Pagpalain ang aming pagtitipon dito ngayon, at nawa'y humayo kami sa kapayapaan at sa proteksyon mula sa kasalanan, at huwag kaming gawing nagkukulang sa aming relihiyon.

O Allah! Hinihingi namin sa Iyo ang gabay, debosyon, kalinisang-puri, at kayamanan.

O Allah! Hinihingi namin sa Iyo na gawaran ang bawat isa sa amin ng tapat na dila, ng mapagpakumbaba at nagsisising puso, ng mga mabubuting gawain, ng kapaki-pakinabang na kaalaman, ng matatag na paniniwala, ng dalisay na pananampalataya, at ng matuwid at pinagpalang kabuhayan. O Allah, Ikaw ang Pinakadakila at Pinakamarangal.

O Allah! Gawaran nawa ng kaluwalhatian ang Islam at mga Muslim! At gawaran ng suporta at pagkakaisa ang Islam at mga Muslim, O Allah! Pahulugin ang mga maniniil at hindi naniniwala. O Allah! Gawaran nawa ng kapayapaan at seguridad ang lahat ng iyong mga tagapaglingkod.

O Allah! Gawaran ng seguridad ang aming mga tinubuang lupa! Gawaran kami ng tumatagal na kaligtasan at katatagan sa aming tinubuang lupa! Gawaran ng kaluwalhatian ang aming Sultan at suportahan siya ng katotohanan at gawin siyang gabay sa katotohanan.

O Allah! Padalhan kami ng ulan mula sa kalangitan at gawin kaming isa sa mga nakakaalala sa Iyo sa araw at gabi, at isa sa mga naghahangad ng Iyong kapatawaran sa gabi at madaling-araw.

O Allah! Padalhan kami ng mga pagpapala ng kalangitan at kasaganaan ng lupa, at pagpalain ang aming mga prutas at pananim at ang aming buong kabuhayan. O Allah, Ikaw ang Pinakadakila at Pinakamarangal.

O Allah! Bigyan kami ng kabutihan sa mundong ito at sa kabilang-buhay, at protektahan kami mula sa parusa ng Apoy."

O Allah! Huwag hayaang ang aming mga puso ay tumalikod matapos Mo kaming gabayan, at gawaran kami ng Iyong awa. Tunay nga, Ikaw ang Tagapagpakaloob.

O Allah! Nagkamali kami sa aming mga sarili, ang kung hindi Mo kami patatawarin at hindi kami bibigyan ng awa, siguradong magiging isa kami sa mga talunan."

O Allah! Patawarin ang lahat ng mga naniniwalang lalaki at babae, ang mga nabubuhay pa at mga nangamatay na, at Ikaw ang Pinaka-nakikinig at Pinaka-tumutugon.

Mga tagapaglingkod ng Allah (Subhanahu wa ta`ala)! “Ipinag-uutos ng Allah (Subhanahu wa ta`ala) ang hustisya, ang paggawa ng mabuti, at kagandahang-loob sa mga kaibigan at kamag-anak, at ipinagbabawal Niya ang lahat ng mga nakakahiyang gawain, at kawalang-hustisya, at paghihimagsik: Ipinag-uutos Niya sa iyo, upang sa gayon ay iyong maalala.”